*Asia Pacific Journal of Advanced Education and Technology*
*P- ISSN 2815 – 245X / E – ISSN 2815 – 2468 / www.apjaet.com*

# Pagdalumat sa Pagpaplanong Pangwika ng Pamantasang Normal ng Cebu

**Elsie T. Alvarado**
https://orcid.org/0009-0002-7568-3435
alvaradoe@cnu.edu.ph
Cebu Normal University, Philippines

## Abstrak

Ang pagpaplanong pangwika sa isang pamantasan ay isang behikulo sa pagtamo ng mabisang paggamit ng wika bilang wikang panturo. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matasa ang patakarang pangwika sa institusyon upang matuldukan ang gampanin ng Filipino at English sa CNU. Tiniyak ng pag-aaral na malaman ang kaalaman ng mga guro, administrador, stakeholder at estudyante sa patakarang pangwika; kahalahagan sa pagsasagawang pagpaplanong pangwikang pang-institusyon; estado sa wikang panturo; at estado sa implementasyon ng patakarang pangwikang pang-institusyon. Nakaangkla ang pag-aaral sa teoryang pagpaplanong pangwika nina Baldauf (2006) at Kaplan at Baldauf (2006) at gumamit ng kwalitatibong pamamaraan ang pag-aaral at purposive random sampling ang ginamit sa pagpili ng mga tagatugon. Matapos ang mapanuring pagsusuri, natuklasan na ang mga tagatugon ay may sapat na kaalaman na walang patakarang pangwika ang pamantasan, batid ang kahalagahan nito, hindi gaanong sumasang -ayon sa estado ng paggamit ng wikang panturo at implementasyon ng patakarang pangwika dahil sa walang patakarang pangwika ang pamantasan. Napatunayang sumasang-ayon ang mga tagatugon na walang patakarang pangwika sa CNU kaya hindi gaanong napahalagahan ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo. Upang maisakatuparan ang pagpaplanong pangwika sa CNU, iminumungkahi ng pag-aaral na bubuo ng patakarang pangwika para sa malinaw na gamit ng paggamit ng wika.

*Mga Susing Salita: pagpaplanong pangwika, pagdalumat, sarbey, pagtatasa, Cebu*